タガログ語

Mga Dapat Tandaan kapag Nakagat ng Fire Ant（Para sa Publiko）

Sintomas

【Mild】 Makakaramdam ng parang mainit o nag- aapoy na sakit sa sandaling makagat. Hindi magtatagal, magiging makati ang parteng nakagat at magna- nana (pus).

【Moderate】 Ang pamamaga ay kakalat sa paligid ng nakagat na bahagi. Ang makating pantal (hives) ay maaaring lumitaw ng bahagya o sa buong katawan.

【Severe】 Nahihirapang huminga, nahihirapang lumunok, mabilis ang pulso (palpitation), atbp. at maaari din mawalan ng malay. Kapag may ganitong mga sintomas, maaaring dulot ito ng malubhang allergic reaction na “Anaphylaxis”. Maaaring maging panganib sa buhay kung hindi agad maagapan.

Pagtugon : Ang tugon laban sa kamandag ng fire ants ay magkaka- iba sa bawat tao.

【Kaagad pagkatapos makagat】
Magpahinga ng 20～30 minutos. Pansinin kung may pagbabago sa pakiramdam.

【Kapag may biglang pagbabago sa pakiramdam】
Tumawag ng ambulansiya, atbp. at magpatingin sa doktor kapag lumubha ang pakiramdam.

※Mga taong nangangailangan ng higit pa na pag- iingat

Ang kamandag ng fire ants at bubuyog ay may karaniwang sangkap. Kung kaya’t, kahit na hindi pa nakagat ng fire ant, higit na pag- iingat ang kailangan ng mga taong may allergy sa kamandag ng bubuyog.

Para sa detalyadong impormasyon tunkol sa fire ants, sumangguni sa website ng Ministry of the Environment.
http://www.env.go.jp/nature/dobutsu/fireant.html ※sa wikang Hapon lamang